Region III

PAG-AALAGA NG BAKA



Backyard Cattle Fattening

Ang pag-aalaga ng baka ay isa sa pinaka mahalagang proyekto ng idustriya ng paghahayupan sa ating bansa. Ito ay maaring makapag bigay ng trabaho at dagdag na kita sa mga magsasaka.

Ito ay binubuo ng pag bili ng aalagaang baka, pagpapakain at pagpapataba nito sa loob ng 120 hanggang 180 araw at pagbebenta nito anumang araw ng taon.

Ang mga nag aalaga ng baka ay maaring gumamit ng iba't ibang produkto na makikita sa kanilang sakahan upang gamiting pakain sa mga baka, kagaya ng mais, dayami copra at talbos ng ilang halaman na kadalasang itinatapon nalang.

Pagpili sa aalagaang baka

Upang mapataas ang kita at makagawa ng magandang kalidad ng karne, kailangan isaalang alang ang mga sumusunod:

1.) Edad

Ang dalawa hanggang tatlong taong gulang na baka ay nangangailangan lamang ng mas kakaunting feeds dahil mas mabilis ang pag tunaw ng mga ito.

Ang mga mas batang baka ay mas mura dahil mas magaan ang timbang ng mga ito. Kinakailangan nila ang mahabang panahon ng pagpapakain at mas mataas na uri ng feeds

upang maabot ang ninananis na timbang.
Samantala, ang mas may edad na baka (4 na taon pataas) ay nangangailangan lamang ng mas maikling panahon sa pagpapakain at kayang kumain na mas maraming uri ng feeds kumpara sa mas batang baka.

2.) Kasarian

Ang steers (kinapon na lalaking baka) ay mas mainam kesa sa heifers (unbred females) dahil mas madali iton alagaan. Mas mabilis ding bumigat ang timbang ng mga steers kumpara sa heifers.

3.) Uri

Ang tropical breeds ay mas mabilis maka angkop sa klima at uri ng feeds kumpara sa temperate breeds.
Ilan sa mga mairerekomendang tropical breeds ay ang mga sumusunod:

a. Brahman – kulay abuhin na may kaunting pula, ito ay matibay sa iba't ibang uri ng sakit at mainit na panahon.

b. Ongole o Nellore – kulay puti, ang lalaki ay kulay abo ang ulo at leeg at itim naman ang tuhod.

c. Indu-Brazil – ito ay karaniwang kulay abo, brown o pula.

d. Batangas cattle – ito ay hindi karaniwang uri ng baka sa Pilipinas. Ang mga baka mula sa lalawigan ng Batangas ay mula sa Mindoro, Masbate at ilang probinsya. Ang terminong Batangas Beef ay naging sikat dahil sa magandang kalidad ng baka na nagmula sa isang paraan na kung tawagin ay "supak" na nagmula sa Batangas.

4. Kalusugan

Ang isang malusog na baka ay masigla at alerto, maganda ang mata at may makinis na balat. Iwasan ang baka na may magaspang na balat at may kapansanan. Siguraduhin na ito ay nabakunahan ng maiwasan ang sakit

na maaring makahawa sa ibang baka.

Kailan ang tamang panahon upang bumili ng baka? Kadalasang mura ang mga baka tuwing dry season (January to April). Ang mga kalsada sa panahong ito ay mas madaling daanan, dahil dito mas madaling maidala ang mga baka mula sa rancho patungong pamilihan.

Nutrisyon

Ang Feeds ay isang susi upang mapataas ang kita sa pag-aalaga ng baka. Kinakailangan ng baka ng tamang nutrisyon upang lumaki, kaya naman ang mga nag aalaga ng baka ay dapat bumuo ng feeds base sa kasarian, edad at timbang ng baka na inaalagaan nito.

Ang moisture content ng feeds ay importante, ang baka ay madaling tumaba sa panahon ng tag-init na kung saan ito ay kumakain ng tuyong damo kumapara sa panahon ng tag-ulan na kung saan ito ay kumakain ng sariwang damo. Ang mga baka ay kumukonsumo ng 2.5% ng kanilang kabuoang timbang.

Dahil dito, kinakailangan nila ang mga sumusunod:

a. tuyong bagay na magpapaganda ng pagkain at nakakatulong sa pagtunaw ng kinain nito.

b. Protina base sa edad, kasarian at timbang nito.

c. enerhiya mula sa carbohydrates, fats at sobrang protina.

d. ilang kinakailangng mineral tulad ng asin, calcium at posporo. Ang pagkain ng asin ay magpapataas sa dami ng tubig na iniinom nito. Kinakailangan nitong kumonsumo ng 0.045 kg kada 45.45 kg ng kabuoang bigat nito.

e. bitamina A, D, at E; at

f. Tubig ang isa sa pinakamahalagang nutrisyon na kinakailangan ng isang hayop, ang pag inom ng tubig ng mga baka ay depende sa temperature at moisture ng feeds na kinakain nito.

Kinakailangan Concentrate Mixture para sa pagpapataba ng Baka.

Sample 1	Sample 2
Copra meal 60%	Copra meal 50%
Rice bran 39%	Rice bran 25%
Salt/Powdered shell 01%	Salt/powdered shell/ground limestone 01%
	Dried Chicken manure 24%
Total 100%	Total 100%

Pag-gamit ng Farm By-Products sa pagpapakain ng baka

1. Rice Straw – ang hiniwang dayami ay maaring gawing pakain sa mga pinapalaking baka, maari rin itong magbigay ng dagdag enerhiya sa anumang araw ng taon kung kulang ang supply ng feeds. Ito ay mayroong 3-4% protein, 0.04-0.08% phosphorus at 0.20 – 0.30% calcium.
2. Corn Cobs – ito ay maaring durugin at ipakain sa mga baka. Binubuo ito ng 45% ng digestible nutrients at 3% ng crude protein.

Pabahay

Ang tamang pabahay at mahalaga sa pag-aalaga ng mga baka. Ito ay magsisilbing proteksyon sa mga hayop laban sa masamang panahon. Ang mga baka na pinapalaki sa bakuran ay kadalasang itinatali lamang sa tabing kalsada o sa mismong bakuran tuwing umaga at tsaka lamag ipinapasok sa kulungan o corral tuwing gabi.

Ang permanenteng uri naman ng pabahay ay binubuo ng GI roofing, timber frames, konkretong sahig, feed trough at water trough. Ang pabahay ay kadalasang bukas ang gilid at itinatayo malapit sa bahay ng nag aalaga o malilim na halaman. Ang taas nito ay kadalasang may sukat na 1.7

hanggan 1.9 metro habang ang laki nito ay may sukat na 2,1 hanggan 2.7 metro. Ang isang hayop ay maaring bigyan ng 1.5 hanggang 4.5 metriko kwadrado.

Pagbebenta sa merkado

Anim na buwan pagkatapos bilhin, ang mga baka ay maaring tumimbang ng 275 hanggang 325 kilo at maari ng dalhin sa merkado.

Ang tamang pagsakay sa mga hayop patungong pamilihan ay mahalaga upang maiwasan ang pagkakasakit o pagkamatay ng mga ito. Siguraduhing ang mga baka ay maayos na naisakay at iwasang buhatin ang mga ito ng mano-mano, mas mainam ang pag gamit ng mga rampa na may harang sa gilid. Iwasang madulas o mahulog ang mga baka habang ibinabyahe. Siguraduhin ring walang matutulis na bagay na maaring makasakit sa mga ito.

Ang pag overload ng mga truck ay maaring magsanhi ng pagka-pilay at pagka-bugbog ng mga hayop. Dapat silang isakay ng tahimik at dahan-dahan. Ang pagtusok o pagtulak sa mga ito ay maaring magdulot ng stress na mag reresulta sa pagbaba ng timbang ng mga ito. Mainam ring ibyahe ang mga hayop tuwing gabi na kung saan hindi na kinakailangan ng mga truck takpan ang bubong nito.

Kabuoang gabay sa mga nag-aalaga ng baka

A. Pagpili ng baka

Pumili ng baka mula sa mapagkakatiwalaang breeder farms o kaya ay pumili ng magandang uri ng steers o bull.

B. Deworming at Spraying

Magsagawa ng fecal examination upang malaman ang tamang gamot na gagamitin sa deworming. Isprayan ang mga hayop upang maiwasan ang ilang mga parasitiko.

C. Pag iwas sa sakit

- Wag bumili ng may sakit na baka. Siguraduhin na hindi ito stressed at siguraduhin ang kalinisan ng mga ito.
- Makakatulong ang tamang nutrisyon upang

masigurado ang malusog ng mga baka at madagdagan ang resistensya nito sa mga sakit. Ang pag gamit ng asin ay makatutulong upang maiwasang mabulok ang mga pagkain ng mga ito.

- Iwasang ipag sama ang mga bagong dating na hayop sa mga dati ng inaalagaan. Ang mga bagong dating na mga hayop ay dapat bigyan ng mgandang kalidad na pagkain bilang unang rasyon at bigyan ito ng tubig tatlo hanggang apat na oras pagkatapos.
- Paliguan ang mga hayop isang beses kada lingo.
- Mag alerto sa anumang sintomas ng sakit. Kaagad na I hiwalay ang mga may sakit na hayop.
- Magsagawa ng deworming upang maiwasan ang mga nakahahawang sakit. Isprayan ang mga hayop ng isecticides upang maiwasan ang anumang uri ng parasitiko.

D. Tamang pagpapakain

- Pakainin ng concentrate ang mga hayop araw-araw 1 hanggang 2 kilo kada araw sa panahon ng pagpapataba ng mga ito.
- Bigyan ang mga ito ng malinis na inuming tubig. Bigyan ang bawat baka ng 30-50 gramo ng asin kada araw.
- Wag mag lagay ng sobrang pagkain sa feedbunk dahil ang ilalaim na bahagi nito ay maaring uminit na makasisira sa pagkain.
- Mas malakas kumain ang mga baka tuwing umaga sa panahon ng tag-ulan. Sa panahon naman ng tag-init, mas madalas kumain ang mga ito tuwing gabi.
- Siguraduhing linisin ang dumi ng mga hayop dahil maari itong mag resulta sa kabawasan ng timbang at gana sa pagkain.

E. Pagpapaligo

Paliguan ang mga baka isang beses sa isang lingo upang mapanatili ang kalinisan at magandang kalusugan.

F. Pagbebenta sa merkado

Ang tamang timbang ng baka ay umaabot sa 275 – 325 kgs. Sa loob ng 180 araw pagkatapos itong bilhin.

Inihanda ng Regional Agricultural Information Section at ng DA RFO-3 Livestock Program

Para sa karagdagang impormasyon makipag-ugnayan sa aming tanggapan:

facebook.com/DARFO3

(045)-963-6726

da_rfu3@yahoo.com

rfu3.da.gov.ph

Livestock_darfu3@yahoo.com